日本で生活するときには、各種の行政手続き（住民登録、出生届、婚姻届、離婚届、死亡届、印鑑登録、国民健康保険、税金など）が必要になります。これらは、主に居住している市区町村役所で受付けしています。これらの手続きをすると各種証明書の交付を受けることができます。

May iba't-ibang uri ng paraan sa pangangasiwa sa pamumuhay o pagtira sa Japan (tulad ng pagpapparehistro bilang residente, pagrehistro sa kapanganakan at kasal, pagpapaalam ng pagkamatay, pagrehistro ng sariling stampa o seal registration, pagsali sa national health insurance, mga buwis, at iba pa). Ang mga nabanggit na pagrehistro ay maaring isagawa sa tanggapan ng munisipiyong malapit sa inyong tinitirhan. Maari kayong tumanggap ng mga benepisyo sa pagrehistro sa alinman sa mga ito.

## ■住居地の（変更）届出

住居地の届出をすると、日本人と同様に、外国人住民の方についても住民票が作成されます。

**・新たに来日された方**

出入国港において在留カードが交付された方（注）は、住居地を定めてから14日以内に、在留カードを持参の上、市区町村役所の窓口でその住居地を届け出てください。

（注）パスポートに「在留カードを後日交付する」旨の記載がなされた方は、パスポートを持参してください。

**・引越しをされた方**

中長期在留者の方が、住居地を変更した時は、移転した日から14日以内に、在留カードを持参の上、移転先の市区町村役所の窓口でその住居地を届け出てください。

## ■Pagpapaalam ng pagbabago sa pook ng tirahan

Tulad ng residenteng Hapon, ipagkakaloob din sa dayuhang residente ang Residence Card sa oras na iparehistro ang pook na tinitirahan.

*** Para sa mga dayuhang kararating lang sa Japan**

Sa loob ng 14 araw matapos itatag ang pook ng tirahan, ang mga dayuhang nabigyan ng Residence Card (tingnan ang “Babala”) sa Port of Entry/Departure ay kailangang pumunta sa tanggapan o counter ng munisipyong kinabibilangan upang iparehistro ang pook ng tirahan. Kailangang dalhin ang sariling Residence Card.

(Babala) Sa kaso ng mga pasaporteng may nakasulat na “Residence Card will be issued at a later date”, kailangang dalhin ang sariling pasaporte.

*** Para sa mga lumipat ng tirahan**

Kapag may pagbabago sa pook ng tirahan ng mga Middle/ Long-term Residents, kailangang ipaalam ang pagbabagong ito sa tanggapan o counter ng munisipyong lilipatan sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paglipat. Kailangang dalhin ang sariling Residence Card.

## ■マイナンバー制度

住民票のある外国人（中長期滞在者、特別永住者等）には、日本人と同様にマイナンバーと呼ばれる12桁の個人番号が市町村から通知されます。この個人番号は、社会保障や税、災害安否等に活用されます。

## ■ My Number System:

Ipapaalam ng tanggapan ng munisipyo sa mga dayuhang may hawak na Residence Card, Middle/ Long-term Residents, Special Permanent Residents at iba pa, ang pagbigay ng 12-digit personal number na tinatawag na “My Number” na ipagkakaloob hindi lamang sa mga residenteng Hapon kundi pati rin sa mga dayuhang residente. Ang personal number na ito ay gagamitin sa pangangasiwa ng social security, buwis, kaligtasan sa oras ng kapahamakan at iba pa.

### ◇マイナンバーカード

マイナンバーカードを受け取るには、申請が必要です。郵送やスマートフォン、パソコンなどで、申請ができます。マイナンバーカードは、身分証明書として利用でき、自治体サービス、オンラインによる税金の申告などにも利用できます。

また、在留資格認定証明書交付申請や在留資格変更許可申請などの在留手続をオンラインで申請できます。

(マイナンバー総合サイト)
https://www.kojinbango-card.go.jp

### ◇ My Number Card

Kailangan mong mag-apply para makatanggap ng My Number Card. Maaari kang mag-apply sa pamamagitan ng koreo, smartphone, o computer. Ang iyong My Number Card ay magagamit para sa personal na pagkakakilanlan, at gayundin para makatanggap ng mga serbisyo mula sa pamahalaang lokal at maging sa mga prosesong online tulad ng pagdedeklara ng buwis at iba pa.

Maaari ka ring mag-apply online para sa mga prosesong may kaugnayan sa immigration, tulad ng aplikasyon para sa Certificate of Eligibility, aplikasyon para sa pagpapalit ng Status of Residence at iba pa gamit ang card na ito.

**(General Site para sa Impormasyon ng My Number Card )**
https://www.kojinbango-card.go.jp

## ■結婚をしたとき《婚姻届》

日本で結婚する場合、日本人配偶者は戸籍謄本を、外国人は下記の書類（提出書類が外国語の場合には、日本語の訳文も必要となります）を持って、居住地の市区町村役所に婚姻の届出をします。

自国の大使館又は領事館へ届出が必要な場合は、市区町村役所で婚姻届受理証明書をもらって、届出をします。在留手続きや住民登録について変更がある場合は、それらの手続きも必要となります

詳しいことは、市区町村役所に問い合わせてください。

〔必要書類〕

①婚姻届出書
（市区町村役所に置いてあります。）

②パスポート

③婚姻要件具備証明書(結婚する相手が独身であり、自国の法律で結婚できる条件を備えているということを自国政府が証明した公的文書のことです。自国に戸籍制度がある場合には戸籍謄本がこれに当たります。)

- 日本にある大使館又は領事館で発行してもらいます。
- 日本語以外の言葉で書かれている場合には、翻訳者名を付けた日本語訳が必要で

## ■Kapag nagpakasal kayo <Marriage Registration>

Kapag nagpakasal kayo sa Japan, kailangan ninyo itong ipaalam sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar. Para sa mga Hapon, kailangan ang kopya ng Family Register at para naman sa mga dayuhan, kailangang ibigay ang sumusunod na mga dokumento (Kapag ang mga dokumentong kailangang ibigay ay nakasulat sa ibang wika, kinakailangan itong ipasalin sa wikang Hapon).

Sa kasong kailangan ninyong ipahayag ito sa embassy o consulate ng inyong bansa, kailangang ipakita ninyo ang certificate of marriage registration na galing sa tanggapan ng munisipiyo. Kung may pagbabago sa “resident status” sa inyong pagpapaparehistro bilang residente, dapat ninyong isagawa ang nararapat na pamamaraan.

Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

Mga kinakailangang dokumento

(1) Marriage registration form
(Maaring makuha sa tanggapan ng munisipiyo)

(2) Pasaporte

(3) Certificate of legal capacity to contract marriage (Certificate na ipinagkakaloob sa tanggapan sa inyong bansa na nagpapatunay na hindi kayo kasal sa kasalukuyan at walang hadlang para ituloy ang kasal na nais ninyong isagawa. Kung may Family Register system sa inyong bansa, maaring gamitin ang “certified copy” ng Family Register)

- Ibibigay ito ng embassy o consulate na nasa Japan
- Kapag ito ay nasa ibang wika, kailangang ipasalin ito sa wikang Hapon, kasabay ng pirma ng tagapagsalin o translator.

す。
必要書類については、市区町村役所に確認してください。

Para sa kinakailangang dokumento, kumpirmahin sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

### ■離婚をしたとき《離婚届》

夫婦のどちらかは日本人の場合、夫婦ともに同意すれば、離婚することができます。下記の書類を持って、居住地の市区町村役所に離婚の届出をしてください。
夫婦双方が外国人の離婚については、居住条件によって届出することができない場合がありますので、詳しいことはそれぞれの大使館又は領事館と、居住地の市区町村役所で確認してください。

〔必要書類〕
①離婚届出書
②日本人配偶者の戸籍謄本
③日本人配偶者の住民票
④パスポート
必要書類については、市区町村役所に確認してください。

### ■ KAPAG KAYO AY NAGHIWALAY O NAGDIBORSIYO <Divorce Registration>

Kapag ang isa sa inyo ay isang Japanese national, tatanggapin ang aplikasyon kung papayag ang bawat isa sa diborsiyo. Dalhin ang sumusunod na mga dokumento sa tanggapan ng munisipiyo, bayan o nayon upang isagawa ang pagrehistro ng inyong paghihiwalay o diborsiyo. Kapag parehong foreign residents o dayuhan ang nais magdiborsiyo, maaring hindi maisagawa ang pagrehisrto sa inyong paghihiwalay o diborsiyo, depende sa inyong status of residence o iba pang mga kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar.

Mga kinakailangang dokumento
1) Divorce registration form
2) Family Register ng asawang Hapon
3) Resident Card (Juminhyo) ng asawang Hapon
4) Pasaporte

Para sa kinakailangang dokumento, kumpirmahin sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

### ■妊娠したとき《母子健康手帳》

妊娠したとき、市区町村役所に届出をすると「母子健康手帳」が交付されます。
妊娠から生まれた子どもの予防接種、健康診査などを記録します。(→P35)
詳しいことは、市区町村役所に問い合わせてください。

### ■KAPAG KAYO AY NABUNTIS <Maternal and Child Handbook>

Ipagkakaloob ang Maternal and Child Health Handbook pagkatapos ipaalam sa munisipyo ang sariling pagbubuntis. (Boshi Techo) Itinatala sa loob nito ang impormasyon kaugnay sa pagbubuntis, pagbakuna sa bata, pagsusuri sa kalusugan at iba pa.（→P35）
Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

### ■子どもが生まれたとき《出生届》

**◇国籍**

両親のどちらかが日本人で法的結婚をしている場合は、日本国籍が取れます。同時に、子どもが日本以外の国籍も取る場合は、22才までにどちらかの国籍を選びます。
両親とも外国籍の場合は、日本で生まれても日本国籍を取ることができません。両親の国の法律に従って国籍を取ります。

### ■ KAPAG ISINILANG ANG BATA <Pagpapaalam ng panganganak>

◇ Nasyonalidad

Maaaring ipagkaloob ang Japanese citizenship sa bata kapag ang isa sa mga magulang ay Hapon at legal na ikinasal. Kapag may ibang nasyonalidad ang bata maliban sa Japanese nationality, hanggang sa ika 22 taong kaarawan ay kailangang piliin kung aling nasyonalidad ang nais gamitin.
Hindi maaaring ipagkaloob ang Japanese citizenship kapag parehong dayuhan ang mga magulang ng bata kahit na ipinanganak ito sa Japan. Kailangang gawin ang mga pamamaraan sa pagkuha ng citizenship sang-ayon sa batas ng

### ◇出生の手続き

①子どもが生まれてから 14日以内に出生地の市区町村役所の住民課に出生届を提出します。届出書は、市区町村役所にもありますが、通常、出産した病院で渡される出生証明書と一体になっています。

- 母子健康手帳の出生届出済証明の記載、乳幼児の医療費の助成、児童手当、国民健康保険に加入している人は出産一時金の申請や子どもの加入の手続きなども市区町村役所で併せて行います。

②自国の在日大使館又は領事館に出生届を提出し、子どものパスポートを受け取ります。

③日本で出生し、60日以上在留する場合は、出生から30日以内に住居地を管轄する地方入国管理官署に在留資格の取得許可申請が必要です。(→P26 出生による在留資格の取得 参照)

### ■子どもを養育するとき《児童手当》

子どもを養育している人は、中学校を卒業するまでの子ども1人につき、月額1万円(3歳未満と第3子以降の小学生までは1万5千円)の子ども手当が受給できます。

受給するには、お住まいの市区町村への申請が必要です。詳しいことは、市区町村役所に問い合わせてください。

### ■亡くなったとき《死亡届》

死亡したときは、7日以内に医師又は検死官の死亡診断書を持って居住地の市区町村役所に届出をします。死亡届書は通常、死亡診断書・死体検案書と一体となっています。また、自国の大使館又は領事館にも届出をします。亡くなった人の外国人登録証明書、在留カードは入国管理局へ返還します。

bansang pinanggalingan ng mga magulang.

### ◇Pagpapaalam ng kapanganakan

1) Kailangang ibigay ninyo ang pagpapaalam ng kapanganakan o Notification of birth sa Residents Section ng tanggapan ng munisipiyo sa pook ng kapanganakan, 14 araw matapos isilang ang bata. Maari ninyong kunin ang notification form sa tanggapan ng munisipiyo. Kadalasan ay ibinibigay ito kasabay ng birth certificate na ibinibigay ng ospital kung saan ipinanganak ang bata.
   - Maaring isagawa ninyo ang pagbigay ng Notification of birth sa Maternal and Child Handbook (Boshi Techo), paghingi ng mga grants o benepisyo para sa medical expenses ng bata, child allowance (Jido Teate), lump-sum childbirth allowance (para sa mga miyembro ng National Health Insurance), pagrehistro ng inyong anak sa NHI system sa tanggapan ng munisipiyo.

2) Ibigay ang Certificate of registration of birth sa embassy/consulate ng inyong bansa upang maisagawa ang pasaporte.

3) Kapag pinanganak ang isang sanggol at mananatili ito sa bansang Hapon ng higit sa 60 araw, kinakailangang mag-aplay para sa Katayuan ng Paninirahan sa naaangkop na Regional Immigration Bureau sa loob ng 30 araw. (sumangguni sa p 26: Pagkuha ng Katayuan ng Paninirahan para sa mga Bagong Panganak)

### ■ Kodomo teate <Child Allowance>

Para sa nag-aalaga ng bata, ipagkakaloob ang Child Allowance sa halagang 10,000 yen bawat buwan (15,000 yen para sa batang wala pang 3 taong-gulang o ang pangatlong anak hanggang sa Elementary School age) hanggang umabot ang bata sa edad ng pagtatapos sa Junior High School.

Upang tanggapin ito, kinakailangang mag-apply sa tanggapan ng munisipyo sa sariling lugar. Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipyo.

### ■ KAPAG MAY NAMATAY (Pagpapaalam ng pagkamatay>

Ang pagkamatay ay dapat ipaalam sa loob ng 7 araw sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar, kasabay ng Death Certificate na galing sa isang doctor o coroner. Ang form para sa “Notification of Death” ay karaniwang ibinibigay kasabay ng Death Certificate at Postmortem Certificate. Bukod pa rito, kailangang iparehistro ito sa embassy o consulate ng taong namatay.

Ang Alien Registration Card, Residence Card, ng taong namatay ay kailangang ibalik sa Immigration Bureau.

### ■自動車、土地、家を買ったり、権利に係わる契約をするとき《印鑑登録》

日本では、サインと同じような意味で、自分の名前が刻印してある印鑑（“ハンコ”とも言われています）を使います。居住地の市区町村役所に申請し登録した印鑑を「実印」と言い、印鑑登録をすると、「印鑑登録証（カード）」が発行されます。

自動車の登録、不動産売買や商取引など権利に係わる契約をするときに、実印や印鑑登録証明書が必要となります。印鑑登録証明書は、市区町村役所で印鑑登録証を提示し、印鑑登録証明書交付申請書を記載して申請します。

### ■ Kapag kayo ay nagsagawa ng kontrata o titulo, tulad ng pagbili ng kotse, lupa, bahay, at iba pa <Pangalan ng Seal Registration>

Sa Japan, ginagamit ng karamihan ang name seal o stampa, kung saan nakaukit ang pangalan ng may-ari (ito ay karaniwang tinatawag na “Inkan” o “Hanko”). “Jitsuin” ang tawag sa name seal o stampa na nakarehistro, at sa oras ng pagrehisrto nito, bibigyan kayo ng ng “Name Seal Registration Card”.

Kapag nagsagawa kayo ng kontrata na may kinalaman sa titulo o pagpapatunay ng pag-aari, tulad ng pagrehistro ng kotse, pagbili ng lupa, pagsagawa ng kalakal, ang “Jitsuin” o Certificate of Name Seal Registration (Inkan Toroku Shomeisho) ay kailangan. Sa pagpapakita ninyo ng inyong Name Seal Registration Card sa tanggapan ng munisipiyo at pagbigay ng “Request for Issuance of Certificate of Name Seal Registration application form”, bibigyan kayo ng Certificate of Name Seal Registration.

### ■在留の手続き

日本に在留するときには、出入国在留管理局で手続きが必要です。

出入国在留管理局では、日本において活動できる範囲（「在留資格」といいます）と滞在できる期間（「在留期間」といいます）が記載された上陸許可証印をパスポートに押印します。

在留資格以外の活動をするときや、在留期間を過ぎて滞在するときも、出入国在留管理局で手続きします。これらの手続きをしないと、処罰されたり強制退去させられることがあります。

入国・在留資格について詳しいことは、出入国 在留 管理局 (P25)、または下記「外国人在留総合インフォメーションセンター」へお問い合わせください。

### ■ Pamamaraan sa Immigration upang lumagi o tumira sa Japan

Para sa paglagi o pagtira sa Japan, kailangan ninyong isagawa ang mga dapat gawin sa Immigration Bureau.

Lalagyan ng Immigration Bureau ng stampa ang inyong pasaporte, kung saan ipinapakita ang lawak ng gawaing maari ninyong isagawa sa Japan (Zairyuu Shikaku) at ang tagal ng panahong maari kayong lumagi o tumira sa Japan (Zairyuu Kikan).

Kung nais ninyong pahabain ang inyong pagtira o kung nais ninyong magsagawa ng gawaing hindi sakop ng visa na ipinagkaloob sa inyo, kailangang isagawa ninyo ang nararapat na pamamaraan sa Immigration Bureau. Kapag hindi ninyo isinagawa ito, maari kayong parusahan o sapilitang paalisin sa bansa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa imigrasyon at katayuan ng paninirahan, mangyaring makipag-ugnay sa Regional Immigration Bureau (p 25) o sa “General Information Center para sa mga dayuhang residente” na matatagpuan sa mga lokasyong nakalista sa ibaba.

◇外国人在留支援センター（FRESC）

外国人の在留を支援する複数の関係機関が入居しています。

平日9:00am−5:00pm

東京都新宿区四谷　四谷タワー13階

英語、中国語、韓国語、ポルトガル語、スペイン語、タガログ語、ベトナム語、タイ語、インドネ

◇Foreign Residents Support Center (FRESC)

Ang FRESC ay binubuo ng mga ahensiya ng gobyerno na sumusuporta sa mga dayuhan para sa kanilang pamumuhay at pananatili sa Japan.

Weekdays 9:00 a.m. - 5:00 p.m.

1-6-1 Yotsuya, Shinjuku-ku, Tokyo Yotsuya Tower 13F

Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol,
Tagalog, Vietnamese, Thai, Indonesian, Nepali

シア語、ネパール語
センター内の行政機関:
出入国在留管理庁
東京出入国在留管理局
東京法務局人権擁護部
法テラス
東京労働局外国人特別相談・支援室
東京外国人雇用サービスセンター
外務省・ビザインフォメーション
日本貿易振興機構（ジェトロ）

**◇東京出入国在留管理局四谷分庁舎**

日本に在留する外国人や、外国人を雇用したい企業関係者等へ、予約制による個別相談を行っています。

在留相談
予約専用電話: 03-5363-3025
（18言語に対応）
予約専用フォーム
日本語:
https://www12.webcas.net/form/pub/fresc/yoyaku-jpn
英語:
https://www12.webcas.net/form/pub/fresc/yoyaku-eng
住所:東京都新宿区四谷1-6-1四谷タワー13階
月～金　午前9:00～午後5:00
英語、中国語、韓国語、ベトナム語、ネパール語、インドネシア語、タガログ語、タイ語、ポルトガル語、スペイン語

**◇外国人在留総合インフォメーションセンター**

（平日　8:30am-5:15pm）
〒108-8255
東京都港区港南5-5-30
東京出入国在留管理局内
TEL 0570-013904
TEL 03-5796-7112（IP,海外）
e-mail: info-tokyo@i.moj.go.jp

**◇外国人総合相談支援センター**

〒160-0021
東京都新宿区歌舞伎町2-44-1
東京都健康センター「ハイジア」 11階
しんじゅく多文化共生プラザ内

Mga ahensiya ng gobyerno sa loob ng Center :
Immigration Services Agency
Tokyo Regional Immigration Services Bureau
Tokyo Legal Affairs Bureau, Human Rights Department
Houterasu (Japan Legal Support Center)
Tokyo Labour Bureau Consultation and Support Office for Foreigners
Tokyo Employment Service Center for Foreigners
Ministry of Foreign Affairs Visa Information
Japan External Trade Organization(JETRO)

**◇Tokyo Regional Immigration Services Bureau : Yotsuya Branch Office at the Foreign Residents Support Center (FRESC)**

Ang Tokyo Regional Immigration Services Bureau ay nagbibigay ng indibidwal na konsultasyon na patiunang pinareserba para sa mga banyagang nakatira sa Japan at sa mga nagpapatakbo ng negosyo na gustong mag-empleyo ng mga dayuhan.

Konsultasyon para sa mga residente
Numero ng Telepono para sa pagpapareserba: 03-5363-3025
(Available sa 18 wika)
Form para sa Pagpapareserba
Hapon:
https://www12.webcas.net/form/pub/fresc/yoyaku-jpn
Ingles:
https://www12.webcas.net/form/pub/fresc/yoyaku-eng
Address: 1-6-1 Yotsuya, Shinjuku-ku, Tokyo Yotsuya Tower 13F
Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
Ingles, Intsik, Koreano, Vietnamese, Nepali, Indonesian, Tagalog, Thai, Portuges, Espanyol

◇General Information Center para sa mga dayuhang residente

（Lunes hanggang Biyernes　8:30am-5:15pm）
108-8255
5-5-30　Minato-minami, Minato-ku, Tokyo
Sa loob ng Tokyo Regional Immigration Bureau
Numero ng telepono: 0570-013904
Numero ng telepono: 03-5796-7112 (IP,ibang bansa)
e-mail: info-tokyo@i.moj.go.jp

**◇Pangkalahatang konsultasyon / Support Center para sa mga dayuhan**

160-0021
Shinjuku Tabunka Kyosei Plaza, Tokyo-to Kenko Center 11F,
2-44-1 Kabukicho, Shinjuku-ku, Tokyo
Numero ng telepono: 03-3202-5535

TEL 03-3202-5535
英語、中国語 月～金 （第2，第4水曜日を除く）
ポルトガル語、スペイン語 月・火・水
タガログ語 金
インドネシア語 火
ベトナム語 月・水

Ingles, Instek: Lunes hanggang Biyernes (maliban sa ikalawa at ikaapat na Miyerkules)
Portuguese, Espanyol : Lunes, Martes, Miyerkules
Tagalog: Biyernes
Indonesian: Martes
Vietnamese: Lunes, Miyerkules

## (1)在留資格の種類と在留期間

## (1) Mga uri ng Visa (Zairyuu Shikaku) at tagal ng pagtira o paglagi

**A.**活動に着目して分類された在留資格

Uri ng visa batay sa gawain

1. 就労が認められる在留資格

Visa na pinapahintulutang magtrabaho ayon sa ipinagkaloob ng visa

| 在留資格 **Uri ng Visa** | 在留期間 **Tagal ng pagtira o paglagi** |
|---|---|
| 外交 Diplomatiko | 外交活動の期間 Panahon o tagal ng gawain bilang Diplomatiko |
| 公用 Opisyal | 5 taon, 3 taon, 1 taon, 3 buwan, 30 araw o 15 araw |
| 教授 Propesor | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 芸術 Artist | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 宗教 Religious activist | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 報道 Journalist o mamahayag | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 高度専門職 Advanced Profession | 5 taon o walang limitasyon |
| 経営・管理 Investor/Business manager | 5 taon, 3 taon, 1 taon, 6 buwan, 4 buwan o 3 buwan |
| 法律・会計業務 Legal/Accounting services | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 医療 Mga nasa larangan ng medisina | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 研究 Reasearcher o tagapanaliksik | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 教育 Instructor o guro | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 技術・人文知識・国際業務 Inhinyero, Specialist in Humanities/International Services | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 企業内転勤 Intra-company transferee | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 介護 Tagapag-alaga/Caregiver | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 興行Entertainer | 3 taon, 1 taon, 3 buwan o araw |
| 技能 Skilled laborer | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 3 buwan |
| 技能実習 Pagsasanay habang nasa trabaho o OJT | sang-ayon sa itinakdang panahon ng Minister of Justice para sa bawat dayuhan. |
| 特定技能 Specified Skilled Worker | No.1 : 1 taon, 6 buwan o 4 buwan<br>No.2 : 3 taon, 1 taon o 6 buwan |

2. 就労が認められない在留資格

Visa na hindi pinapahintulutang magtrabaho

| 在留資格 **Uri ng Visa** | 在留期間 **Tagal ng pagtira o paglagi** |
|---|---|
| 文化活動 Mga nasa larangan ng gawaing kultura | 3 taon, 1 taon, 6 buwan o 3 buwan |
| 短期滞在 Pansamantalang bisita | Labinlimang araw, tatlumpung araw o siyamnapung araw |

| | |
|---|---|
| 留学 Pag-aaral sa ibang bansa | hindi lalampas sa 4 taon at 3 buwan taon sang-ayon sa itinakdang panahon ng Minister of Justice para sa bawat dayuhan. |
| 研修 Trainee o nasa pagsasanay | 1 taon, 6 buwan o 3 buwan |
| 家族滞在 Dependent | hindi lalampas sa 5 taon sang-ayon sa itinakdang panahon ng Minister of Justice para sa bawat dayuhan. |

3. 就労の可否は指定される活動による在留資格

Visa na maaaring pagpasyahang bigyan ng pahintulot na makapagtrabaho ayon sa permisong ipinagkaloob sa bawa't isang dayuhan

| 在留資格 **Uri ng Visa** | 在留期間 **Tagal ng pagtira o paglagi** |
|---|---|
| 特定活動<br>Designated activities o mga itinakdang gawain | 5 taon, 3 taon, 1 taon, 6 buwan, 3 buwan o hindi lalampas sa 5 taon sang-ayon sa itinakdang panahon ng Minister of Justice para sa bawat dayuhan. |

**B.** 身分や地位に着目して分類された在留資格

Visa batay sa pagkakakilanlan o katayuan

| 在留資格 **Uri ng Visa** | 在留期間 **Tagal ng pagtira o paglagi** |
|---|---|
| 永住者<br>Permanenteng residente | Walang limitasyon |
| 日本人の配偶者等<br>Asawa/Anak ng isang Hapon | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 buwan |
| 永住者の配偶者等<br>Asawa/Anak ng isang permanenteng residente | 5 taon, 3 taon, 1 taon o 6 buwan |
| 定住者<br>Pangmatagalang residente o long-term resident | 5 taon, 3 taon, 1 taon, 6 buwan o hindi lalampas sa 5 taon sang-ayon sa itinakdang panahon ng Minister of Justice para sa bawat dahuyan. |

## (2) 出入国在留管理局

◇東京出入国在留管理局
東京都港区港南5-5-30
電話：0570-034259
　　03-5796-7234(IP・海外)
行き方：JR品川駅東口から⑧番乗り場「品川埠頭循環」または「東京入国管理局折り返し」で「東京入国管理局前」下車
東京モノレール又はりんかい線（埼京線乗り入れ）「天王洲アイル駅」徒歩15分
受付時間：月～金　午前9:00～午後4:00

◇東京出入国在留管理局千葉出張所
千葉市中央区千葉港2-1
千葉中央コミュニティーセンター内
**電話**：043-242-6597
行き方：JR総武線千葉駅で乗り換え、千葉都市モノレール「市役所前」徒歩2分、JR京葉線「千葉みなと」駅徒歩10分
受付時間：月～金　午前9:00～午後4:00

## (3)在留期間の更新

在留期間を延長したい場合は、在留期間が満了する前に住居地を管轄する地方出入国在留管理局で更新の申請をします。6か月以上の在留期間を有する場合は、在留期間の満了するおおむね3か月前から受け付けています。

**〔必要書類〕**
①在留期間更新許可申請書
②活動内容ごとに法務省令で定める資料
③パスポート又は在留資格証明書
④在留カード又は在留カードとみなされる外国人登録証明書
手数料：4,000円（収入印紙で納付）

## (2)Immigration Bureau

◇Tokyo Regional Immigration Bureau
Tokyo Minato-ku Konan 5-5-30
Numero ng telepono: 0570-034259
03-5796-7234(IP, sa labas ng Japan)
Paraan ng pagpunta: sa Bus Stop, No. 8 "Shinagawa Futo Junkan" o "Tokyo Nyukoku-Kanrikyoku-orikaeshi" mula sa JR Shinagawa Station Konan-guchi (East Exit) / Bus stop "Tokyo Nyukoku-Kanrikyoku-mae" o maglakad ng 15 minuto mula sa "Tennozu-Isle Station,
Tokyo Monorail o Rinkai Line (Saikyo Line)
Oras ng pagbukas: Lunes hanggang Biyernes 9:00am-4:00 p.m

◇Tanggapan ng Tokyo Regional Immigration Bureau sa Chiba
Chiba-shi Chuo-ku Chiba-minato 2-1
Chiba Chuo Community Center
Numero ng telepono: 043-242-6597
Paraan ng pagpunta: lumipat sa Chiba station (JR Sobu Line). Maglakad ng 2 hanggang 5 minuto mula sa Shiyakusho-mae station (Chiba Urban Monorail), o maglakad ng 10 minuto mula sa Chiba Minato station (JR Keiyo Line).
Oras na pagbukas: Lunes hanggang Biyernes
9:00am-4:00 p.m

## (3)Pag-extend ng visa

Kung nais ninyong pahabain o i-extend ang inyong paglagi o pagtira sa Japan, kailangang mag-apply kayo para sa renewal sa Regional Immigration Bureau na kinabibilangan ng sariling tirahan bago mag-expire ang inyong Visa. Kung may Visa kayo na higit sa anim na buwan, ang aplikasyon ay tinatanggap ng humigit-kumulang sa 3 buwan bago mag-expire ang Visa.

**[Mga kinakailangang dokumento]**
1) Application form para sa pag-extend ng paglagi o pagtira
2) Mga kinakailangang dokumento na itinakda ng Ministry of Justice para sa bawat activity o gawain.
3) Pasaporte o Certificate of Status of Residence
4) Residence Card o Alien Registration Card (na itinuturing na Residence Card)

Singil: ¥4,000 (bilhin ang katumbas na official stamp)

### (4)在留資格の変更

現在取得している在留資格の活動を中止して、別の在留資格に当てはまる活動を行おうとする場合、在留資格変更の手続きが必要です。

〔必要書類〕

①在留資格変更許可申請書
②活動内容ごとに法務省令で定める資料
③パスポート又は在留資格証明書
④在留カード又は在留カードとみなされる外国人登録証明書

手数料:4,000円(収入印紙で納付)

### (4) Pagbabago ng “Status of Residence”

Kinakailangang baguhin ninyo ang lagay ng inyong paglagi o pagtira sa Japan sa oras na itigil ninyo ang kasalukuyang gawain at magsagawa ng ibang gawaing hindi sakop ng hawak ninyong status of residence.

**[Mga kinakailangang dokumento]**

1) Application form para sa pagbabago ng inyong status of residence
2) Mga kinakailangang dokumento na itinakda ng Ministry of Justice para sa bawat activity o gawain
3) Pasaporte o Certificate of Status of Residence
4) Residence Card o Alien Registration Card (na itinuturing na Residence Card)

Singil: ¥4,000 (bilhin ang katumbas na official stamp)

### (5) 出生による在留資格の取得

日本で出生し 60日以上在留する場合は、出生から 30日以内に両親か近親者が住居地を管轄する出入国在留管理局に在留資格の取得許可の申請をします。

在留資格の取得許可の申請をする前に、市区町村役所へ出生届を提出するとともに、自国の在日公館に出生届を提出しパスポートの発給を受けることが必要になります。

〔必要書類〕

①在留資格取得許可申請書
②出生したことを証する書類

※提出資料については、法務省令で定められている資料以外にも提出を求められる場合がありますので、詳しくは、出入国在留管理局または外国人在留総合インフォメーションセンターにお問い合わせください。

手数料:なし

### (5)Status of Residence sa panahon ng kapanganakan

Kapag ang bata na ipinanganak sa Japan ay titira o lalagi ng 60 araw o higit pa, dapat ipahayag ng isang magulang o kalapit na kamag-anak ang kapanganakan nito sa Regional Immigration Bureau na kinabibilangan ng sariling tirahan sa loob ng 30 araw at isagawa ang pag-apply ng Visa.

Kinakailangang ibigay ang pagpapaalam ng kapanganakan sa tanggapan ng munisipiyo at sa embassy o consulate ng bansa ng magulang at kumuha ng pasaporte, bago mag-apply para humingi ng pahintulot para sa pagkuha ng status of residence.

**[Mga kinakailangang dokumento]**

1) Application form para sa paghingi ng pahintulot o permiso upang makakuha ng status of residence
2) Dokumentong nagpapatunay ng kapanganakan

※ May mga pagkakataong kailangang magpasa ng iba pang dokumento maliban sa nakasaad ayon sa Ministry of Justice kaya magtanong lamang sa Immigration Bureau na malapit sa tinitirhang lugar o sa General Information Center para sa mga dayuhan.

Walang singil na ipapataw.

### (6)資格外活動許可

現在取得している在留資格以外の活動で収入・報酬がある活動をする場合は、事前に許可が必要です。例えば留学生がアルバイトを行う場合など。

〔必要書類〕

①資格外活動許可申請書
②資格外活動の内容を明らかにする書類

### (6)Pahintulot upang magsagawa ng ibang gawaing hindi sakop ng ipinagkaloob sa Status of Residence

Ang permisong ito ay kailangan bago ang lahat, kapag nais ng isang dayuhan na magsagawa ng gawaing pagkukunan ng kita, na hindi sakop sa ipinagkaloob na status sa kasalukuyan. Halimbawa, kapag nais ng isang dayuhang mag-aaral na makakuha ng permiso o pahintulot na magtrabaho ng part-time.

**[Mga kinakailangang dokumento]**

1) Application form upang humingi ng pahintulot para sa mga gawaing hindi sakop ng ipinagkaloob sa status of residence
2) Mga dokumentong malinaw na nagpapaliwanag sa mga

③パスポート又は在留資格証明書
④在留カード又は在留カードとみなされる外国人登録証明書
手数料：なし

gawaing nais isagawa ng aplikante
3) Pasaporte o pagpapaputunay o certificate ng visa status
4) Residence Card o Alien Registration Card (na itinuturing na Residence Card)
Walang singil na ipapataw.

### (7)再入国許可

許可されている在留期間内に、一時的に日本を出国し再び日本に入国する場合は、再入国許可を得ておくと、改めてビザを取る必要はありません。
再入国許可を得て出国し、その有効期間内に日本へ戻れば外国人の新規登録の必要はありません。
再入国許可は、一回限り有効なものと、何回でも使用できる数次許可のものがあります。

### (7)Re-entry Permit

Kung nais ninyong lumuwas patungo sa ibang bansa at pagkatapos ay bumalik uli sa Japan, sa loob ng ipinagkaloob na residency visa, kailangan ninyong kumuha ng re-entry permit, na magbibigay sa inyo ng karapatang bumalik uli sa Japan at hindi na kailangang kumuha pa ng panibagong visa.
Bukod pa rito, sa pag-alis at pagbalik ninyo sa Japan sa loob panahong nakalagay sa re-entry permit, hindi na kailangang isagawa ang panibagong pagrehistro.
Ang karaniwang re-entry permit ay maaring gamitin ng isang beses lang, subalit maaaring kumuha ng multiple re-entry permit, kung nais gamitin ng maraming beses sa loob ng itinakdang panahon.

**〔必要書類〕**
①再入国許可申請書
②パスポート
③在留カード、在留カードとみなされる外国人登録証明書、特別永住者証明書又は特別永住者証明書とみなされる外国人登録証明書

手数料：1回限り有効3,000円（収入印紙で納付）、数次有効6,000円（収入印紙で納付）

**[Mga kinakailangang dokumento]**
1) Application form para sa Re-entry Permit
2) Pasaporte
3) Residence Card, Alien Registration Card (na itinuturing na Residence Card), Special Permanent Resident Certificate o Alien Registration Card (na itinuturing na Special Permanent Resident Certificate)

Singil: Single - ¥3,000 Multiple - ¥6,000 (bilhin ang katumbas na official stamp)

**●みなし再入国許可**
有効なパスポート及び在留カードを所持する外国人の方が出国する際、出国後1年以内に日本国内での活動を継続するために再入国をする場合は、原則として通常の再入国許可の取得を不要とするものです。（出国する際に、必ず在留カードを提示してください。）
詳しくは、出入国在留管理局または外国人在留総合インフォメーションセンターにお問い合わせください。

**●"Minashi" o Special Re-entry Permit**
Bilang patakaran, ang mga dayuhang may balidong pasaporte at Residence Card na lalabas ng bansa ay hindi na kailangang kumuha pa ng karaniwang Re-Entry Permit kung babalik sa loob ng isang taon pagkatapos umalis sa Japan para ipagpatuloy ang pamumuhay o gawain sa bansa. (Kailangang ipakita ang Residence Card sa oras ng pag-alis sa Japan.)
Para sa mga katanungan, sumangguni sa tanggapan ng Regional Immigration Bureau o sa Foreign Residents General Information Center.

### (8)永住許可

永住許可の申請は、通常の在留資格の変更よりも慎重に審査されます。

### (8) Pahintulot para sa "Permanent Residence"

Medyo mahigpit ang pamamaraan o mga kinakailangang bagay upang makamit ang pahintulot para maging permanent resident sa Japan.

〔必要条件〕
①素行が善良であること
②独立の生計を営むに足りる資産又は技能を有すること
③ その者の永住が日本国の利益に合致すると認められること
（注）日本人，永住者又は特別永住者の配偶者又は子の場合は，①及び②に適合することを要しません。難民の認定を受けている者の場合には②に適合することを要しません。
*必要書類につきましては、申請人の在留資格によって異なりますので、出入国在留管理局にお問合せください。
https://www.moj.go.jp/isa/applications/index.html
手数料：8,000円（収入印紙で納付）

**[Mga kondisyon na dapat tuparin]**
1) Kailangang patunayang matino o marangal ang aplikante.
2) Dapat may sapat na pondo o kakayahan upang mamuhay sa sariling mga paa.
3) Sa pagbigay ng permanent resident status sa aplikante, kailangang mapatunayan na magdudulot ito ng kabutihan o benepisyo sa Japan.

Paalala: sa kaso ng asawa o anak ng isang Hapon, Permanent Resident o Special Permanent Resident, hindi na kailangan ang 1) at 2). Para sa mga tumatanggap ng Refugee Status Certification, hindi na kailangang pumailalim sa 2).
*Dahil magkaiba ang kinakailangang dokumento depende sa hawak na visa o Status of Residence ng aplikante, kailangang sumangguni muna sa tanggapan ng Immigration Bureau.
https://www.moj.go.jp/isa/applications/index.html Singil: ¥8,000 (para sa pagbili ng official stamp)

## ■税金

日本に住む人は、国籍にかかわらず、日本の法律に従って税金を納めなければなりません。税金は、主なものとして、所得税（国に支払う）、住民税（県や市町村に支払う）、消費税（買物やサービスに係る税）、自動車税（自動車を所有している場合に支払う）があります。

◇相談窓口
①所得税と消費税：
最寄の税務署又は東京国税局税務相談室
英語での相談：03-3821-9070
月～金 （祝日を除く）
午前9:00～午前12:00
午後1:00～午後5:00
国税庁のホームページ（英語）
http://www.nta.go.jp/foreign_language/index.htm
②住民税と軽自動車税：居住地の市区町村役所
③自動車税：千葉県自動車税事務所　千葉市中央区問屋町1-11　電話043-243-2721

## ■ Mga buwis (Zeikin)

Ang lahat ng residente ng Japan, kahit anuman ang lahi, ay kailangang magbayad ng buwis sa pamahalaan ng Japan. Ang mga pangunahing buwis na ipinapataw ay ang Income Tax (binabayaran sa national government), Resident tax (binabayaran sa Prefectural Government at mga munisipalidad), Consumption Tax (binabayaran para sa mga bagay at serbisyo), at ang Automobile Tax (binabayaran ng mga nagmamay-ari ng sasakyan).

◇Konsultasyon ukol sa buwis
1) Income Tax at Consumption Tax:
Maaring sumangguni sa pinakamalapit na Taxation Office o Tokyo Reginal Taxation Bureau Tax Counsel Office
Konsultasyon sa wikang Ingles: 03-3821-9070
Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga Piyesta Opisyal)
9:00 am - 12:00 pm, 1：00 pm - 5:00 pm
Homepage ng National Tax Agency(sa wikang Ingles)
http://www.nta.go.jp/foreign_language/index.htm

2) Residential at Light Automobile Tax:
Maaring sumangguni sa tanggapan ng inyong munisipiyo
3) Automobile tax:
Maaring sumangguni sa Chiba Automobile Tax Office
1-11 Tonya-cho, Chuo-ku, Chiba-shi
Numero ng telepono: 043-243-2721

### (1) 所得税

1月1日から12月31日までの間に得た所得に対して国が課す税金です。

### (1) Income Tax (Shotoku-zei)

Ang Income Tax ay ipinapataw base sa income o kinita mula sa Enero 1 hanggang Disyembre 31.

◇収入が給与のみの場合（給与所得者）：通常、雇用主が手続きします。

①毎月の給与や賞与から源泉徴収（給与天引き）されます。

②年末調整で所得税が精算されます。

＊年末に、保険料や扶養家族の異動等による給与所得を精算し、「源泉徴収票」が翌年1月末までに雇用主から交付されます。源泉徴収票は、税金を納めたことを証明する書類で、在留資格の更新等で必要になりますので大切に保管してください。

◇Sa kasong ang kita ninyo o income ay mula sa pasahod o salary lamang (tulad ng salaryman): karaniwan ay isinasagawa ito ng inyong kompanya o employer.

1) Ang buwis o tax ay ibinabawas mula sa suweldo o bonus bawat buwan (binabawas o withheld sa source o pinagmulan).
2) Nagsasagawa ng isang “annual adjustment” (nenmatsu chosei) para sa Income Tax.
   * Sa katapusan ng taon, nagsasagawa ng “adjustment” sa inyong kita o “salary income” base sa mga insurance expenses, pagbabago sa mga dependent sa pamilya, at iba pa at ang “Tax Withholding Certificate”(gensen chosyu-hyo) ay ibinibigay sa empleyado. Ang certificate na ito ay nagpapatunay na nakapagbayad na kayo ng buwis at maaring kailanganin ninyo ito tuwing magpapa-renew kayo ng inyong “Residential Status”, at iba pa. Kaya kailangang itabi ninyo ito.

◇給与以外の収入がある場合（自営業や勤務先で源泉徴収されていない場合、2か所以上から収入がある場合など）：自分で税務署に確定申告をします。

毎年3月15日までに、前年の1月から12月までのすべての収入や経費などを税務署に申告し、所得税を納めます。

◇Sa kasong may kinita kayo o income maliban sa inyong suweldo (sa kaso ng mga self-employed, kung saan hindi binabawas ang buwis sa inyong kinikita, o di kaya’y may kinikita mula sa dalawang trabaho o higit pa): kailangang mag-file kayo ng inyong Income Tax sa tanggapan ng Tax Office.

Kailangang ideklara ninyo hanggang Marso 15, ang lahat ng inyong kinita ang mga ginastos mula Enero hanggang Disyembre ng nakaraang taon, at bayaran ang nararapat na buwis o Income Tax.

◇所得税の還付

次の場合に確定申告をすると、所得税の還付を受けることができます。その際には、医療費の領収書などの証拠書類が必要です。

①前年中に支払った医療費から健康保険や生命保険で補てんされた金額を差し引いた金額が、100,000円又は所得金額の5%のいずれか低い額を超える場合

②自然災害や盗難による被害を受けた場合

③ローンによる住宅を購入した場合

◇Refund o pagsasauli ng Income Tax

Sa pagsagawa ng “Final Tax Returns”, ang nagbayad ng buwis o “Taxpayers” ay maaring humingi ng Income Tax Refund sa sumusunod na mga kaso. Sa kaso ng isang claim, kailangang ipakita ninyo ang nararapat na mga pagpapatunay o katibayan tulad ng mga resibo para sa gastos sa pagpapagamot, at iba pa.

1) Sa kaso na kung saan ang mga ginastos sa pagpapagamot na binayaran sa nakaraang taon, maliban sa parteng sakop o binayaran sa pamamagiatan ng Health Insurance o seguro, ay lumampas sa ¥100,000 at 5% ng inyong kita sa isang taon.
2) Kapag ang Taxpayer o nagbabayad ng buwis ay nalugi sanhi ng kalamidad o pagnanakaw.
3) Kapag ang taong nagbabayad ng buwis ay nagkaroon ng loan para sa pagbili ng bahay.

◇課税範囲や税率は、住所の有無や日本での居住期間によって非永住者以外の居住者・非永住者・非居住者に区分され、それぞれ異なります。

◇Kayo ay hinahati sang-ayon sa kategorya ng Permanent Resident, Non-Permanent Resident at Non-Resident, at ipinapatupad ang nararapat na pagbubuwis.

| 区分 Pagbubukod o pag-uuri | | 所得税の範囲 Sakop ng Income Tax |
|---|---|---|
| 居住者<br>Mga residente | 永住者 Permanent | 全ての所得 Lahat ng kinikita |
| | 非永住者<br>Non-Permanent | 国内の所得(国内源泉所得)の全てと国外の所得(国外源泉所得)のうち国内で支払われたもの及び国内に送金されたもの<br>Mga kinita sa loob ng Japan (Withholding Tax sa Japan), bahagi ng renta na binayaran sa Japan, na nagmula sa ibang bansa (Income Tax na binawas sa "source" sa ibang bansa), mga kinita na pinadala galing sa ibang bansa |
| 非居住者<br>Non-Resident | 在留期間が1年未満の個人<br>Para sa mga lumagi sa Japan ng wala pang isang taon | 国内において行う勤務等に起因するもの(国内源泉所得)<br>Kinita sa loob ng Japan (Withholding Tax sa Japan) |

(2)住民税

１月１日現在住んでいる各市町村役所が市町村民税と県民税を一緒に徴収します。税務署に提出されている確定申告書などに基づき、前年中の所得を基準に計算した金額と定額で負担する金額の合計が徴収されます。

給与所得者は、この税金を６月から翌年の５月までの毎月の給与から直接差し引かれます。

自営業者は、６月に各市町村役所から送付される納税通知書により、６月、８月、１０月、１月の４回に分けて納付します (時期は市町村により異なることがあります)。

◇外国税額控除について

外国において生じた所得で、その国の所得税や住民税に相当する税金を課税された場合には、一定の方法により計算された金額が控除されます。

◇租税条約による特例について

日本は、二重課税を避けるため各国と租税条約を締結しています。条約締結国の国籍を有し、かつ非居住者に該当する人で、租税条約上、大学生等の「学生」や国内の滞在期間が「短期」であるなど一定の要件に該当する場合、「租税条約に関する届出書」を税務署及び市町村役所に提出することにより所得税や住民税の特例の適用が受けられる場合があります。

**(2)Resident Tax (Jumin-zei)**

Ang Resident Tax, kasali ang Prefectural Resident Tax at Municipal Tax, ay ipinapataw ng munisipiyo, kung saan ang Taxpayer ay nakatira mula Enero 1. Ang halaga ng buwis ay kinukuwenta base sa kinita sa nakaraang taon, bukod pa sa isang "fixed amount" o halaga.

Sa kaso ng mga empleyado, binabawas ng direkta ang halabang ito sa suweldo, sa pamamagitan ng 12 "installment" mula Hunyo hanggang Mayo ng sumunod na taon.

Para sa mga "self-employed", kailangang bayaran ito sa apat na "installment", mula Hunyo, Agosto, Oktubre at Enero, sang-ayon sa sulat o "notification" na ipapadala ng tanggapan ng munisipiyo (ang petsa ng pagbayad ay maaring magkaiba depende sa munisipiyo).

◇Pagbawas ng "Foreign Tax"

Para sa buwis na katumbas ng Income Tax o Residential Tax na ipinataw sa kinita o income sa ibang bansa, maaring ibawas ang halagang kinalkula sang-ayon sa itinakdang pagkuwenta

◇Special Tax Exemption sa pamamagitan ng Tax Treaty

Ang bansang Hapon ay may kasunduan o Tax Treaty sa iba't-ibang bansa upang maiwasan ang pagkakaroon ng "double taxation". Kung kabilang ang inyong bansa sa "treaty" na nabanggit at kayo ay isang "Non-Resident" at pumapailalim sa ilang kondisyon ng Tax Treaty, katulad ng paggiging isang "mag-aaral" (sa unibersidad, at iba pa) o kung ang paglagi sa Japan ay maiksi lamang, maaring tumanggap ng "special exemption" sa Income Tax at Residential Tax kung magbibigay ng isang "Tax Exemption Application" sang-ayon sa Tax Treaty, sa tanggapan ng Tax Office o munisipiyo sa inyong lugar.

### (3) 消費税

事業を行っている人から購入した物品とサービスの提供に対して 10%の税金がかかります。

### (3) Consumption Tax (Shohi-zei)

May 10% na buwis na ipinapataw sa lahat ng mga produktong binili at mga serbisyong natanggap.

### (4) 自動車税・軽自動車税

自動車税は、毎年4月1日に自動車を所有している場合にかかる税金です。陸運事務所に登録された居住地に、都道府県から毎年5月に納税通知書が送付されるので、その通知書を使用して納付します。廃車したときは、速やかに陸運事務所で手続きを行わないと課税されますので、注意してください。詳しくは、自動車税事務所に問い合わせてください。

軽自動車税は、毎年4月1日にバイク(原動機付自動車)及び軽自動車(大型・中型バイクを含む)を所有している場合にかかる税金です。居住地の市町村から納税通知書が送付されるので、その通知書を使用して納付します。詳しくは、居住地の市区町村役所に問い合わせてください。

### (4) Automobile Tax at Light Automobile Tax（Jidosya-zei･Kei-Jidosya-zei）

Ang Automobile Tax ay isang buwis na ipinapataw sa mga nagmamay-ari ng sasakyan sa Abril 1 ng bawat taon. Ang tanggapan ng Land Transportation Office, na sumasakop sa pook o lugar na inyong tinitirhan, ay magpapadala ng isang “Automobile taxation payment notification” sa buwan ng Mayo bawat taon. Maaring bayaran ang nabanggit na buwis sa pamamagitan ng pagbigay ng notification na ito. Kailangang mag-apply kayo sa Bureau of transportation, lalung-lalo na kung hindi na ninyo ginagamit ang inyong sasakyan, dahil ang Automobile Tax ay ipinapataw base sa registrasyon sa Land Transportation Office. Para sa karagdangang impormasyon ukol sa sitwasyon ng inyong buwis, sumangguni sa tanggapan ng Tax Office sa ibaba.

Ang Light Automobile Tax ay isang buwis na ipinapataw sa mga nagmamay-ari ng mga motorsiklo at mga “light automobile” (kasali ang malalaki at middle-sized bikes o motorsiklo) sa Abril 1 bawat taon. Ang pagbabayad ng buwis ay maaring isagawa sa pagbigay ng “taxation payment notification”, na ipapadala sa inyo mula sa tanggapan ng munisipiyo. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar.